# IPINAGKAIT NA PAGKAKAKITAAN

*by:*
**JOEY R. CABRERA**
*Master Teacher I, Pagalanggang National High School*

Kumakalam ang sikmura, dumarami ang nakatambay, walang makain sa mesa ng bawat pamilya.Ang kahirapan, na pilit na sinusulyapan ng mga pinuno ng ating pamahalaan, ay isa sa mga pangunahing isyu na kinakaharap ng mga mamamayang Pilipino. Ang mga isyu na kinakaharap ng mga Pilipino sa loob ng mahabang panahon ay dapat malutas. Hindi natin masisi na ang ating kahirapan ang nagdudulot ng mga ito; maaaring ito ay kailangang matugunan.. Hindi natin masisi na ang mga ito ay nagmumula sa ating kahirapan; maaaring ito ay dahil din sa mga maling desisyon o mga maling kilos na ginagawa natin sa ating buhay kung bakit hindi tayo makaahon sa kahirapan. Isa pa sa patuloy na pagdami ng bilang ng mga tao na kahit walang maayos na hanapbuhay pero nagagawa pa rin nilang magparami ng lahi kung kaya't lalong nalulugmok sa kahirapan ang ating lipunan.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

Nagkaroon ng pandemya sa loob halos tatlong taon kung saan maraming mamamayan ang nawalan ng hanapbuhay. Dahil dito, ang mga tao ay nahaharap sa kahirapan at gutom. Malaki ang bilang ng tao na nawalan ng pagkakakitaan sa panahong yaon, gumagawa ng paraan upang makahanap ng trabaho at magsimulang muli pero mailap ang kapalaran para sa kanila. Kung kaya't malaking epekto nito sa nakakaraming mamamayan. Isa pa may mga tao na binabaliwala na lamang ang mga oportunidad na nakabukas para sa kanila dahil pinapairal ang katamaran. May ilan din di makakuha ng trabaho dahil walang natapos at ang ilan naman nakapagtapos naman ng pag-aaral pero kulang sa kasanayan kaya naman may mga employer na nag-aalinlangan na sila'y tanggapin at mapabilang sa mga manggagawa ng kanilang kompanya. Sa ganitong mga pangyayari, maraming tao ang napipilitang magtrabaho sa mga hanapbuhay na hindi

naaayon sa kanilang propesyon o hindi angkop sa kanilang mga kinakailangan sa trabaho. Iyan ang dahilan kung bakit patuloy na tumataas ang bilang ng mga indibidwal na walang trabaho. Ngunit ang pangyayaring ito ay hindi na bago sa atin dahil marami tayong mababasa na mga artikulo, balita sa mga pahayagan tungkol sa sitwasyong ito. Ngunit sino ba ang may malaking pagkukulang sa nangyayaring ito ang pamahalaan ba o mismo ang mga mamamayan. Ang kahirapan ay hindi matakasan, ngunit may magagawa pa tayo. Habang nasa paaralan, inaasahang mag-aral nang mabuti at maabot ang ating mga pangarap sa buhay. Magkaroon ng matagumpay na trabaho para sa ating mga mahal sa buhay.  Kung ganito ang mga kaganapan sa ating bansa o mundo  tiyak hindi magiging mailap sa atin ang kapalaran at trabaho. Kaya, umaasa ako na ang mga kabataan ay makakabasa ng artikulong ito. Bigyang halaga ang edukasyon at magtapos ng pag-aaral upang maging isa ka sa produktibong indibidwal balang araw. Hindi mo na mararanasan ang pagkaitan ng mga hanapbuhay bagkus marami kang oportunidad na pwede mapasaiyo at maging masaya ang iyong buhay at iyong pamilya. Laging tandaan Huwag makakalimot sa Puong Maylikha nang lahat, dahil andyan siya upang tayo ay gabayan sa lahat ng ating ginagawa.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

*References:*

https://pamantikkmu.wordpress.com/2015/12/10/manggagawa-labanan-ang-atake-sa-ating-sahod-trabaho-at-karapatan-kondenahin-at-bigwasan-ang-delubyo-sa-marangal-na-hanapbuhay/

https://www.facebook.com/saka.pilipinas/photos/ayudang-ipinagkait-ng-gobyerno-pagtulungan-nating-ibigay-sa-mamamayan-lumahok-sa/542262486396016/

https://pilipinomirror.com/igiit-ang-gender-equality-sa-trabaho/